TIDY-UP Tacoma

Abril 18.2023

Mula sa ating kapitbahayan at mga parke hanggang sa Thea Foss waterway, maipagmamalaki na matagal nang kilala ang Tacoma sa paglilinis sa ating mga pampublikong lugar para mapakinabangan ito ng mga residete at bisita. Karaniwang naririnig ng Konseho ng Lungsod mula sa mga residente na gusto nila ng mga mas pinaunlad na mga serbisyo na sumusuporta sa kalinisan at kalusugan ng kapitbahayan. Bilang tugon, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang bagong ipapataw na buwis sa mga serbisyo sa solid waste bilang bahagi ng 2023-2024 dalawang taong badyet. Ang mga malilikom na pondo mula sa buwis na ito ang gagamitin sa pagpopondo at pagpapalawak ng mga programa sa paglilinis ng komunidad, gaya ng Tidy-Up Tacoma, na dating pinondohan ng minsanang pera mula sa American Rescue Plan Act at iba pang pondo ng Lungsod.

Sa pamamagitan ng lokal na buwis na ito, mapapalawak at maibibigay ng Tidy-Up Tacoma ang:

- Pinagsamang mga serbisyo sa paglilinis ng kalat, basura, at graffiti sa mga pampublikong daanan
- Pagpapanatili ng daan
- Pagpapanatili at pagpapalit sa mga basurahan sa mga distrito ng negosyo
- Paglilinis sa at sa palibot ng mga pinagkakampohan
- Karagdagang kawani na handang tumugon sa mga isyu
- Tulong sa credit na pagbabayad ng bill para hindi mahirapan ang mga sambahayan na may mababang kita
- Pagkakataong ipaalam sa komunidad ang mga programa at serbisyo ng Tidy-Up Tacoma

Makakatulong ang malilikom na pondo mula sa buwis na ito na maipagpatuloy ang ating pagsisikap na tiyaking malinis at malusog para sa mga naninirahan, nagtatrabaho at naglalaro sa ating mga pampublikong lugar, kasama ang mga kalye, bangketa, daan, at distrito ng negosyo.

Billing

- Nagkabisa ang 6% na lokal na buwis noong Abril 1
- Ang maybahay na customer na may 60-gallon ng basura ay makakaasa ng karagdagang $3 sa kanilang bill bawat buwan

Mahalaga ang tungkulin ng komunidad sa pagtukoy kung saan at paano itutuon ng Lungsod ang Tidy-Up Tacoma. Magagawa ng mga residente na:

- Magbigay ng feedback kung paano mas pinakamasusuportahan ng Lungsod ang mga pangangailangan ng komunidad sa paglilinis
- Ibahagi ang mga ideya kung paano mas pahusayin ang mga kasalukuyang programa sa paglilinis ng komunidad gaya ng Adopt-a-Spot at Litter Patrol
- Makipagtulungan sa Lungsod sa mga bagong paraan upang hikayatin ang lahat ng residente ng Tacoma sa pagsuporta sa mas malinis na lungsod

Matuto ng higit pa at makibahagi sa cityoftacoma.org/tidyup

Mga Programa sa Paglilinis ng Kapitbahayan ng Tacoma

→ Makibahagi at tingnan ang mga karagdagang programa sa **cityoftacoma.org/tidyup**

→ Magsumite ng kahilingan para sa tulong sa paglilinis ng Lungsod sa **SeeClickFix.com/tacoma**

Pumili ng Isang Lugar at Tagapagbantay ng Kalat sa Kapitbahayan (Adopt-a-Spot & Neighborhood Litter Patrol)

Tumulong na mabawasan ang kalat at panalitihing malinis ang mga pampublikong lugar sa pamamagitan ng pagbubuluntaryo sa programang Adopt-a-Spot o Litter Patrol ng Kapitbahayan. Makakatanggap ng libreng mga suplay pangkaligtasan at pamulot ng mga kalat ang mga boluntaryo

Pumili ng Isang Kanal na Labasan ng Tubig-Baha (Adopt-a-Storm Drain)

Magboluntary ng 15 minuto, dalawang beses bawat buwan, para sa mas malinis na mga daanan ng tubig at mas malusog na mga komunidad. Hinihiling ng Adopt-a-Storm Drain ang mga residente na pumili ng isang kanal na labasan ng tubig-baha at panatilihin na wala itong mga dahon, basura, at iba pang bagay upang mabawasan ang polusyon sa tubig at maiwasan ang pagbaha sa lugar.

Tumawag para Hakutin (Call-2-Haul)

Mag-iskedyul ng pagkuha ng malalaki, bulto-bultong basura. Maaaring kolektahin ang 3 malalaking item at 15 kahon o bag ng maliliit na item ng basura at maaaring gamitin ng mga residenteng customer ang serbisyong ito ng dalawang beses sa isang taon nang walang karagdagang gastos. Maaaring gamitin ng mga komersyal na customer na nakatira sa multifamily home o nangangasiwa ng negosyo ang serbisyong ito sa halagang $75, na ibi-bill sa iyong utility account.

Pagtulong sa mga Indibidwal na Nakakaranas ng Kawalan ng Tahanan (Helping Individuals Experiencing Homelessness, HIRE)

Ang HIRE ay isang low-barrier na programa sa pagtatrabaho na nag-aalok ng libreng mga serbisyo sa pagpapaganda at pagbabawas ng kalat sa mga negosyo. Programa na pinangangasiwaan sa pakikipagtulungan sa Valeo Vocation.

Istasyon ng Dumi ng Aso sa Kapitbahayan (Neighborhood Dog Waste Station)

Tumutulong na maiwasan ang polusyon sa tubig-baha sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga estasyon ng dumi ng aso na may mga supot at karatula na nagpapaalala sa mga nagwo-walking ng aso sa iyong kapitbahayan na pulutin, ilagay sa supot, at itapon sa basurahan ang dumi ng aso.

Mga Basurahan ng mga Residente (Residential Drop-Off Containers)

Maaaring i-recycle ng mga residente ng Tacoma ang mga bote, jar, at baterya sa bahay sa pamamagitan ng pagtapon sa ito sa alinman sa limang itinalagang tapunan ng Lungsod. Tumatanggap ang ilang lokasyon ng iba pang item, gaya ng cardboard at metal.

Pasilidad ng Pagre-recycle at Mapanganib na Basura ng Sambahayan ng Tacoma (Tacoma Recycle & Household Hazardous Waste Facility)

Maaaring magdala ng mga mapanganib na materyal sa Recycle Center or Household Hazardous Waste Facility ang mga residente ng Pierce County para sa ligtas at responsable, at libreng pagtatapon.

TacomaFirst 311

I-dial ang 311 sa loob ng mga hangganan ng lungsod ng Tacoma o ang (253) 591-5000 para sa iba pang lugar upang makontak ang Customer Support Center ng Tacoma na nagbibigay ng “one-stop shop” sa mga serbisyo ng Lungsod. Available ang mga kawani mula 8 AM hanggang 5 PM, Lunes-Biyernes. Available din 24-oras bawat araw online ang cityoftacoma.org/tacomafirst311. Available din ang isang mobile app.

SeeClickFix

Iulat at subaybayan online ang status ng ilang isyu online, kasama ang mga spill at polusyon sa tubig, basura o kalat, ilegal na pagtatapon, graffiti, at higit pa sa SeeClickFix.com/tacoma.